9

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO

**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Susana R. Villarta, Teacher III, MNHS-Main |
| **Illustrators:** | Eva Inosa, Officer-In-Charge, PEDHS |
| **Layout Artists:** | Susana R. Villarta, Teacher III, MNHS-Main |
| **Content Editors:** | Lilibeth C. Fernecita, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Language Editors:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City |
| | Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR |
| | Madeline Ann L. Diaz, CID Chief SDO-Muntinlupa City |
| | Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino |
| | Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR |
| | Nelia G. Abejar, SDO Coordinator, Filipino |
| | Dr. Gina U. Urq uia, LR EPS SDO-Muntinlupa City |
| | Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |
| | May L. Borjal, PDO SDO-Muntinlupa City |
| | Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

| Aralin 4 | • **Pagbibigay - Kahulugan sa Kilos, Gawi at Karakter ng mga Tauhan**<br>• **Pagiging Makatotohanan o Di- Makatotohanan ng Akda**<br>• **Pang-abay na Pamanahon, Panlunan at Pamaraan sa pagbuo ng Alamat** |
|---|---|

## Inaasahan

Ang modyul na ito ay inilaan para sa iyong pansariling pagkatuto. Batid kong gusto mo pang matuto mula sa mga aralin natin, kung kaya may inihanda akong mga Gawain upang linangin ang iyong kakayahan.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakapagbibigay-kahulugan sa mga kilos, gawi. at karakter ng mga tauhan batay sa usapang napakinggan. (F9PN-IIIf-53)
2. Napatutunayan ang pagiging makatotohanan/di makatotohanan ng akda. (F9PB-IIIf-53)
3. Nagagamit ang mga pang-abay na pamanahon, panlunan, at pamaraan sa pagbuo ng alamat. (F9WG-IIIf-55)

## Paunang Pagsubok

**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. "Nagsisisi po ako", ang mahinang sabi ng tunay na Brahman." Ang tangi kong yaman ay ang aking pamilya na hindi ko dapat pinabayaan". Ipinakikita ng tunay na Brahman na siya ay,
   A. Mahilig manisi
   B. Handang tumanggap ng pagkatalo
   C. Marunong umamin sa pagkakamali
   D. Matiisin sa buhay

2. Mula _________, pinahalagahan na niya ang kaniyang pamilya kaysa salapi. Alin ang angkop na pang-abay sa pangungusap?
   A. Mamaya
   B. Noon
   C. Kagabi
   D. Bukas

3. Agad umakyat sa kinaroroonan ng trono ang raha upang maupo. Inakala niya kasi na sa kaniyang pag-upo ay magiging matalino rin siya sa pagpapasiya at makikilala sa buong mundo. Ipinapakita lamang sa pangyayaring ito na ang tauhan ay______________.
   A. Tuso
   B. Mapaghangad
   C. Matalino
   D. Mapang-abuso

4. Mula sa bilang 3, ang salitang agad ay maituturing na isang pang-abay na_________________.
   A. Pamanahon
   B. Pang-agam
   C. Panlunan
   D. Pamaraan

5. Sa katuwaan ng espiritu ay isinilid niya ang sarili sa bote. Ang pangyayaring ito ay masasabing,
   A. Makatotohanan
   B. Di- Makatotohanan
   C. Opinyon
   D. Mungkahi

## Balik-tanaw

**Panuto:** Buuin ang pangungusap sa pamamagitan ng paggamit ng wastong pang-ugnay.

| | | |
|---|---|---|
| Isang araw | habang | maya-maya |
| Kaya | sa wakas | pagkatapos |

1. Nanood ako ng programa sa telebisyon _________ kong magbasa at sumagot ng modyul.

2. Nagsisimula na ang kasalan _______________ may sumigaw na babae, "Itigil ang kasal."

3. Tahimik ang lahat _____________ nakikinig sa pari na nagsabing "Wala bang tututol sa kasalang ito."

4. Naramdaman ko ang magaganap na tunggalian __________ ipinagpatuloy ko ang panonood.

5. Walang nakapagsalita sa mga taong nagulat sa mga pangyayari hanggang _______________ di makapaniwala ang babaeng ikakasal na may asawa ang lalaking inibig niya.

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Ang salitang alamat ay panumbas sa "legend" ng Ingles. Ang katawagang ito'y nagmula sa Latin na "legendus", na ang kahulugan ay upang mabasa. Kalimitan itong nagtataglay ng mga kababalaghan o di makatotohanang pangyayari.

Isa sa elemento nito ay ang tauhan na nagbibigay -buhay sa temang nais iparating. Higit na makikilala ang tauhan kung siya man ay protagonista o antagonista sa kaniyang kilos, gawi, karakter sa gitna ng mga sitwasyon.

Naririto ang ilang halimbawa:

1. "Lahat ay nasa iyo, may asawa ka, anak na dinadalaw ka, hinahalikan, dinadalhan ka ng makakain at babasahin…" (karakter)

   -Mula sa pahayag na ito inilalarawan ang tauhan ay maiinggitin sa kanyang kapwa.

2. "At ngayon, ibig mong makita ang puno! Angkinin! Agawin sa akin! At ibig mo pang maging ako!" (karakter)

   -Sa pahayag na ito ipinapakita na ang tauhan ay mapag-angkin.

3. Sa mga sandalling kausap ni Marcos ang ina hawak niya ang tainga na umiiling ."Ngunit Marcos… Bakit ayaw mong marinig ang oras ukol sa kaluluwa?" (kilos)

   -Sa pahayag na ito, inilalarawan na ang tauhan ay natatakot.

4. Si Marcos, isang manggagawang hubog sa palihan ng bagong panahon, ay lumaking ang puso'y sanay sa pagtitiis." (karakter)

   -Sa pahayag na ito, inilalarawan ang tauhan ay matiisin.

5. Hindi malimutan ng anak na magmano sa kamay ng ina tuwing aalis ng bahay (gawi)

   - Inilalarawan na ang tauhan ay magalang.

**Panuto:** Basahin at unawain. Suriin ang mga pang-abay na ginamit sa alamat.

**Ang Pinagmulan ng Tatlumpu't Dalawang Kuwento ng Trono**

**(Simhasana Batissi)**

**Isang Alamat mula sa India**

Noong unang panahon sa isang lugar na tinatawag na Bharat na ngayo'y kilala bilang bansang India. May mag-inang dukha bagama't sila ay kabilang sa mataas na uring panlipunan na tinatawag na Brahman. Kapirasong lupa lamang na tinatamnan ng gulay at maliit na dampa ang kanilang ari-arian. Dahil sa kanilang kahirapan, wala siyang pag-asang makapag-asawa dahil wala siyang ari-ariang maibibigay sa pamilya ng mapapangasawa.

Pinayuhan ng inang manghiram ng pera sa mga kamag-anak. "Noong ikaw ay kumikita ay marami ka namang natulungan" wika niya.

Pagkaraan ng ilang linggo ay halos mapuno ang banga ng ginto at salaping inihandog ng mga kamag-anak. At dahil dito ay nakapag-asawa siya na nagngangalang Mela.

Sa tuwing umaalis si Mela para mangahoy, laging pinaaalala ng matandang babae na mag-iingat sa mga espiritu. "Itali mong mabuti ang iyong buhok dahil iyan ang hahatakin ng espiritu upang makuha ka".

Maingat niyang itinatali ang kaniyang buhok.

Ngayong ubos na ang salapi sa kanilang banga ay gustong umalis uli ni Brahman upang kumita ng mas maraming kayamanan." Asawa ko, bakit kailangan mo pang umalis, masaya na ako kahit mahirap lang." Ang lumuluhang sabi ni Mela.

"Kailangan kong umalis, Mela. Tingnan mo nga ang buhay natin, napakahirap. Gusto kong magkaroon ng malaking bahay at maraming salapi." Hindi na ito mapigil pa ni Mela Noon ay nakikinig sa kanila ang espiritu. "Sa wakas, magkakaroon na rin ako ng pamilya", ang nakangising sabi ng espiritu..

Malungkot na malungkot si Mela at ang biyenan nang biglang may kumatok sa pinto, tuwang-tuwa ang dalawa nang makita nilang bumalik ang Brahman. "Hindi na ako tumuloy, hindi ko pala kayo kayang iwan.

Samantala, ang tunay na Brahman ay nagtrabaho sa lungsod. Sa labis na kaabalahan sa isang layuning makapag-uwi ng pera, hindi nakadalaw o sumulat man lang ito.

Inaakala ng pamilya ng Brahman na ang kasama ay ang totoong Brahman. Wala silang napansing kakaiba sa lalaking bumalik sa kanilang bahay dahil kamukhang-kamukha siya ni Brahman.Tumagal ng isang taon ang pagkawala ni Brahman.

Sa mga panahong iyon hindi na natiis ni Brahman na malayo sa pamilya. Nagmamadali siyang umuwi sa dampa, punong-puno siya ng pananabik. “Tiyak na magiging napakasaya ni Inang at si Mela kapag nakita nila ako.” Wika ni Brahman.

Litong-lito sina Mela dahil magkamukhang-magkamukha ang Brahman at ang impostor. “Ina, ako ang iyong anak. Mela, ako ang iyong asawa, huwag kayong maniwala sa espiritung iyan.”

Hindi malaman ng totoong Brahman ang kaniyang gagawin. “Ito ba ang naging kabayaran ng aking paglayo. Nagkaroon nga ako ng maraming pera subalit nawala naman ang pinakamamahal ko,” ang bulong ng nagsisising si Brahman.

Isa sa mga batang ang patakbong lumapit sa Brahman. “Bakit ka nalulungkot?”

“Wala na ang aking pamilya”.” Naagaw sila ng espiritu”, iyak ni Brahman.

“Lumapit ka sa aming raha.” “lumapit na ako sa raha, subalit maging siya ay di naniniwalang ako ang totoo. Walang ibang raha sa bayang iyon.

“Nagbibiro ba kayo! Pamilya ko ang naagaw, hindi ako nakikipagbiruan sa inyo. “Dahil bata ang nagsilbing raha.

Nagsimula nang magpayo ang bata na kinikilalang raha. “Pumarito ako ngayong umaga sapagkat ipinangako mong lulutasin mo ang misteryo”, wika ni Brahman.

“Kung sinong di makakapasok sa loob ng bote ay mamamatay”. Ito’y inihanda ng bata raha.

“Teka-teka, paano ako makapapasok eh, napakalaki ko.” “Kung gayon, hindi ikaw ang tunay na Brahman”. “Ikaw”, ang sabi sa impostor na Brahman,” kaya mo?” Oo naman, tingnan ninyo ang aking gagawin.”

Nang makapasok na sa bote ang impostor ay sinarhan ito at ibinigay sa totoong Brahman.

Nagsisisi ang pamilya sa nangyari.

“Saan galing ang iyong katalinuhan”, tanong ng raha.” Akong raha’y hindi naisip iyan”.

“Mga ordinaryo kaming mga bata, nang nanginginain ang aming baka ay nakakita kami ng bunton ng lupa. Nagsali-salisi kami sa pag-upo sa bunton ng lupa ito. Ang sinumang maupo ay magkakaroon ng pambihirang katalinuhan.”

Ipinag-utos ng raha na hukayin ang bunton ng lupa at nakita nila ang trono. Nababalutan iyon ng mga alahas at sinusuportahan ng mga inukit na tatlumpu’t dalawang anghel.

Agad umakyat sa kinaroroonan ng trono ang raha sa paghahangad ng katalinuhan sa pagpapasya subalit mula sa nililok na pigura ay narinig, “Hinto, ang

tronong ito ay pag-aari ni Raha Vikramaditya. Bago ka maupo rito, ipakita mo munang kapantay mo siya sa tapang at karunungan."

Pagkatapos ay isa-isang nagkuwento ang tatlumpu't dalawang anghel tungkol sa kagitingan at katalinuhan ni Raha Vikramaditya. At sa huling kuwento, binuhat ng mga anghel ang trono nang malayong... malayong- malayo. Naiwan ang raha na nag-iisip na hindi niya pa taglay ang katangian magbibigay sa kanya ng karangalang maupo sa trono. Ang mga katangiang ito ay kabutihan, lubos na katapatan, walang kinikilingan at ang pagiging makatarungan.

## Gawain

### Gawain 1

**Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng mga kilos, gawi at karakter ng mga tauhan batay sa kanilang mga pahayag

1. "Mahal kong asawa, huwag ka ng umalis, masaya na ako kahit mahirap ang buhay natin".__________________

2. "Mas mahalaga ang pamilya kaysa sa kayamanan." ________________

3. "Kaya kong isilid sa loob ng boteng ito ang aking sarili."_______________

4. "Kung sino sa inyong dalawa ang makapapasok sa loob ng bote,siya ang tunay na Brahman."______________________

5. "Nang dahil sa paghahangad, nawala ang aking pamilya."__________

### Gawain 2

**Panuto:** Bigyang-kahulugan ang kilos, gawi at karakter ng mga tauhan batay sa kanilang sinabi o ginawa. Titik lamang ang isulat sa papel.

1. "Kailangang umalis ako Mela, tingnan mo ang buhay natin napakahirap. Gusto ko ng malaking bahay at maraming pera." Ang tauhan ay,

   A. May mataas na pangarap.
   B. Gustong guminhawa ang buhay.
   C. Nais maiba ang buhay.
   D. Mapangarapin at mapaghangad

2. "Huwag kang umalis, masaya naman ako kahit mahirap ang buhay natin. Ipinakikita na ang babae ay,

   A. Masayahin B. Kontento C. Mapagmahal D. Matatakutin

3. “Hindi na ako tumuloy, hindi ko pala kayo kayang iwan”, ang sabi ng espiritu Inilalarawan dito na ang espiritu ay,

   A. Mapagmahal sa pamilya
   B. Mapanlinlang
   C. Sabik sa pamilya
   D. Mapagsamantala

4. “Nagkaroon nga ako ng kayamanan subalit nawala naman ang pinakamamahal ko sa buhay.” Ipinapakilala rito na ang lalaki ay,

   A. Mapagpanggap
   B. Mapagmahal
   C. Panghihinayang
   D. Mahinahon

5. Agad umakyat ang raha sa kinaroroonan ng trono upang maupo. Nagpapakilala ito na ang raha ay,

   A. Masunurin
   B. Mapaghangad
   C. Mapangarapin
   D. Mapagbalatkayo

### Gawain 3

**Panuto:** Tukuyin ang mga pangyayari kung makatotohanan o di- makatotohanan.

__________1. Isinilid ang sarili sa bote

__________2. Labis na minahal ang pamilya.

__________3. Naging responsable

__________4. Nagdalawang anyo ang mukha.

__________5. Binuhat nang malayong-malayo ang trono.

## Tandaan

1. Mailalarawan ang kilos, gawi at karakter ng mga tauhan sa tulong ng mga pahayag.

2. Ang mga pangyayari sa alamat ay likhang- isip lamang at di makatotohanan.

3. Ang mga pang-abay na pamanahon, panlunan at pamaraan ay makatutulong sa pagbuo ng isang kuwento.

Naririto ang ilang pang-abay na madalas gamitin sa kuwento tulad ng alamat:

Ang pang-abay o adverb sa Ingles ay mga salitang nagbibigay-turing o naglalarawan sa pandiwa, pang-uri at kapwa pang-abay.

1. Pang-abay na Pamanahon- Nagsasabi ng panahon kung kailan ginawa ang kilos ng pandiwa. Sumasagot ito sa tanong na Kailan.

   Halimbawa
   *Noong unang panahon* mababang-mababa pa ang ulap, kitang-kita nila ang kagandahan ng kalangitan at nadarama ang masarap na simoy ng hangin.

2. Pang-abay na Panlunan- Nagsasabi ng pook o lugar na pinangyarihan ng kilos. Sumasagot ito sa tanong na Saan o Nasaan.

   Halimbawa
   Sa harap ng bahay natagpuan ang isang halamang may kakaibang anyo. Halamang tila punong-puno ng mata.

3. Pang-abay na Pamaraan- Nagsasabi kung paano ginagawa ang kilos. Sumasagot ito sa tanong na Paano.

   Halimbawa
   *Padabog* na sinunod ni Pina ang kaniyang ina. Kung kaya, sumama ang pakiramdam nito.

## Pag-alam sa Natutuhan

### Gawain 4

**Panuto:** Piliin at tukuyin ang uri ng pang-abay na ginamit sa pangungusap. Isulat ito sa patlang.

1. Paanas magsalita ang dalaga kaya di maunawan ang nais niyang sabihin.
   ______________________ ________________________
2. Nang mag-umaga ay di na makita ang mahal na anak.
   ______________________ ________________________
3. Sinipat-sipat nang matagal ang hugis at kulay ng prutas na nakuha.
   ______________________ ________________________
4. Naiwang luhaan ang binata sa tabi ng puntod ng kasintahan.
   ______________________ ________________________
5. Ang sumpaan ng magkasintahan sa tabi ng dalampasigan ay hindi na malimutan.
   ______________________ ________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Isulat kung Tama o Mali ang mga sumusunod na pahayag. Salunguhitan ang salitang nagpamali sa pangungusap.

1. Ang pang-abay na pamaraan ay nagsasabi kung paano nagaganap ang pangyayari.
2. Nakalipas ang <u>isang taon</u>, napagtanto ni Brahman na mas mahalaga ang kaniyang pamilya. Ang salitang may salungguhit ay pang-abay na pamanahon.
3. Ang kilos, gawi at karakter ng tauhan ay natutukoy sa pamamagitan ng imahe.
4. Ang taong mapanghangad ay hindi nagtatagumpay. Ito ay makatotohanan.
5. Ang pang-abay ay makatutulong na makapagpadaloy ng isang masining na kuwento.

*Sanggunian:*

*1. Pinagyamang Pluma 9, Ailene G. Baisa-Julian et.al, Phoenix Publishing House p. 349 - 354*

*2. Batayang Aklat, Filipino IV SEDP, Brown Madonna Press p. 124 - 131*

*3. Panitikang Asyano 9, Kagawaran ng Edukasyon, Department of Education – Instructional Materials Council Secretariat (DepEd, IMCS) p. 37-38*

*Kagamitang pang-elektroniko*

1. *Youtube.com/watch*
2. *www.slideshow.net*
3. *www.hawaii.edu.*
4. *Prezi.com/tga9es4pdfer*

**Susi ng Pagwawasto:**

Panimula:
1. C
2. B
3. B
4. D
5. B

Balik-tanaw:
1. pagkatapos
2. maya-maya
3. habang
4. kaya
5. sa wakas

Gawain 1
1. matiisin
2. pagmamakaawa
3. hambog
4. mapaghamon
5. panghihinayang

Gawain 2
1. D
2. B
3. B
4. C
5. B

**Susi ng Pagwawasto:**

Gawain 3
1. Di- makatotohanan
2. Makatotohanan
3. Makatotohanan
4. Di-makatotohanan
5. Di-makatotohanan

Gawain 4
1. Paanas- pamaraan
2. Mag-umaga - pamanahon
3. Matagal - pamaraan
4. Puntod - panlunan
5. Dalampisigan - panlunan

Pangwakas na Pagsusulit
1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Tama